

1

“Yes?” Mariin niyang ipinikit ang mga mata pagkaangat sa telepono.

Sumasakit na ang kanyang ulo dahil kanina pa niya pinag-aaralan ang mga bagong probisyong gustong ipadagdag ng unyon sa panibagong Collective Bargaining Agreement ng kompanya. Masyadong malaki ang hinihinging dagdag benepisyo ng mga miyembro nito.

“Miss Chin, Mrs. Kwan wants to see you,” pagbibigay-alam ni Vina, ang sekretarya ng company president.

“Thanks, Miss V.” Kaagad niyang tinungo ang opisina ng kanyang amo. Si Mrs. Marlina Kwan ay asawa ng nasirang may-ari ng nasabing pagawaan ng sigarilyo.

“Good morning, Ma’am.” Lumingon sa kanya ang walumpong taong gulang na babae na dala ng edad at karamdaman ay hindi na masyadong makapaglakad. Sa kabila ng edad nito, ang talas ng utak ng matanda sa negosyo ay hindi pa rin matatawaran.

“Chin, come in. Have a seat.” Iminuwestra nito

sa kanya ang upuan sa gilid nito.

“Thank you, Ma’am.”

“How’s the Congress hearing yesterday?” Ang tinutukoy nito ay ang hindi matapus-tapos na hearing ng pagtataas sa tax ng tobacco na kamakailan ay ginawan niya ng position paper.

“Well, the congressmen are still arguing among each other what to make of the proposal. The proponents of the bill are having a hard time gaining support from their colleagues.”

“That’s good news. They’ve been after the tobacco players for years now. Hindi na sila makontento sa halos taon-taong increase ng excise tax. Hindi na lang nila solusyunan ang tunay na problema which is the corruption especially in the *BIR*,” nakaismid na komento nito.

“I couldn’t agree more, Ma’am. They’re definitely barking at the wrong tree.”

“Well, I’m not at all bothered by that bill. I know you can take care of that. What about the case we filed against Regalado? Mapakukulong na ba natin ang magnanakaw na ’yon?”

“The preliminary investigation was scheduled

yesterday morning, but Regalado did not show up. We were able to convince the prosecutor to move on to the next step. A hearing will be set before the month ends and with the evidence we have, Regalado will be in jail in no time.”

“Good. Hindi natin p’wedeng ipagsawalang-bahala ang ginawa niya. The management trusted him and yet he had the guts to steal money from the company. He’s an asshole.”

“With us going after him, mag-aalangan na po ang ibang gumaya sa ginawa niya.”

“Exactly! Very good, Chin.”

“Thank you, Ma’am.” Napigil ang ngiti niya dahil sa pagbukas bigla ng pinto ng opisina.

“Ma, why did you fire Martinez? He’s the only one capable of handling the training.” Kunot-noong pumasok sa silid ang Vice President for External Affairs ng kompanya na si Rey, ang panganay ng matanda.

“Why are you questioning my decision? Alam mo ba kung bakit ko ginawa ’yon?” malamig ang tinig na saad ni Mrs. Kwan.

“Why did you do it then? Leave us, please...”

hindi lumilingong utos nito sa kanya.

“Stay, Chin, we are not yet done talking.” Sinulyapan siya nito bago ibinalik ang pansin sa lalaki. “And you, Son, you must know what your employees are doing while you’re out wasting your time and the company’s money. Nakita ko siyang nakikipaglampungan sa isa niyang staff sa isang restaurant sa *Rockwell*.”

“Ma, inutusan ko siyang pumunta sa *Rockwell* para kausapin ang isang kliyente. Baka mali lang kayo ng interpretasyon sa nakita n’yo,” nakapamaywang nitong kontra sa ina. Ito lang ang nakakasagot sa matandang babae sa ganoong tono at pananalita.

“Don’t you dare defend that bastard! Ano ang magandang interpretasyon kapag may nakita kang lalaking halos kandungin na ang sekretarya niya habang kumakain sa tagong parte ng isang kainan? To think that he is already married to someone else. My God!”

“Ma, there’s a good explanation for that. Pinagpaliwanag n’yo ba siya?” Kita sa lalaki ang pagnanais nitong magpakahinahon.

“Reynaldo, tumigil ka. Wala nang ibang paliwanag doon kundi immoral siya. End of discussion.”

Iwinasiwas pa ni Mrs. Kwan ang kamay bilang tanda ng pagdi-dismiss nito ng usapan.

“Fine. Sino ngayon ang magti-train sa apo n’yo? Magsisimula na siya sa Lunes.”

“Nothing to worry, Son. Chin here can take care of that.” The old lady flashed a grin at her son. Ikinagulat ng dalaga ang implikasyon niyon at tiningnan niya ang reaksiyon ni Rey.

“Siya? Eh, dalawang taon pa lang siya dito. Hindi niya kabisado ang pasikot-sikot ng buong operasyon ng kompanya.” Gaya ng inaasahan, hindi nito nagustuhan ang sinabi ng ina.

“Don’t underestimate her. I’m sure mas updated pa siya kesa sa ’yo sa kompanyang ’to.”

“That’s impossible! I’m not gonna let Jovik’s training go to waste. Let Martinez’s assistant take charge of your grandson’s training instead,” tutol nito.

“Again, you’re challenging my decision. Sino ba ang presidente ng kompanyang ’to?” Naghahamong nakipagtitigan ang matanda sa anak.

“Fine! Whatever.” Laglag ang mga balikat na tumalikod na ang lalaki at pabalyang isinara ang pinto ng opisina ng ina.

“Excuse our behavior, Dear. Ang hirap magdisiplina ng anak lalo’t masyado nang huli para doon.” Napapailing na ibinalik ni Mrs. Kwan ang pansin sa kanya na nakatanga lang dito.

“You don’t have to worry about me, Ma’am. I understand the effects of generation gap,” nakangiting tugon niya na bigla ring napalis. “Ma’am, you’re serious about the training?”

“Yes, of course. Mas madami kang maituturo sa apo ko kesa sa kung sino pa man dito.” Ang apo na tinutukoy nito ay uwi ng Pilipinas mula sa ilang taong paninirahan sa Amerika. Dumating na ang panahon na kailangang matutunan ng lalaki ang kalakaran ng kompanya ng pamilya.

“Ma’am, you know I do not know much about how cigarettes are being manufactured. Hanggang legal, HR and admin matters lang po ang covered ko.”

“I know that. Just go over the training program and when you’re done with your departments, you can hand Jovik over to Marco.” Ang tinutukoy nito ay ang junior assistant manager ng planta. Sa tono ng amo ay alam na niyang oras na para lumabas ng opisina nito.

“As you say, Ma’am. Excuse me po.” Tumayo na

siya at tinungo ang pinto ng opisina upang lumabas ng tanggapan ng company president.

“What the...? Bee, come here!” pasigaw na tawag ni Chin sa kanyang sekretarya. Sabay sa pagpasok ng tinawag ay ang pagtinag ng malaking bultong nakahiga sa couch ng opisina niya. “Who the hell is he?” tukoy niya sa lalaking ni hindi man lang nailang sa kanya.

Nakasuot ito ng khaki shorts at t-shirt na ang disenyo ng print ay hindi niya mawari. Tsinelas lang ang sapin nito sa paa na nagpakita ng malapad ngunit malinis na pares niyon. May fetish siya sa magagandang paa at di niya napigilang ma-appreciate ang mga paa nito. Hindi niya alam na kanina ay nakasuot ito ng rubber shoes at nagpalit lamang ng tsinelas.

“Ma’am...” Nauutal ang kanyang sekretarya. Mukhang hindi nito alam ang sasabihin na ikinapagtaka niya dahil hindi iyon normal dito. Kahit madalas niya itong masungitan ay hindi niya naramdamang nailag ito sa kanya na siyang isa sa mga nagustuhan niya sa babae.

“Good morning. I can see that you like my toes.”

Ibinalik niya ang tingin sa mukha ng nagsalitang lalaki na ngayon ay nakaupo na at kasalukuyang nilalamukos ang mukha. Napasarap yata ang tulog ng kumag at ang ganda pa ng ngiting ibinigay nito sa kanya.

“Who are you? And why are you sleeping there?” namaywang ulit na sita niya. Lalong pinag-iinit ng kahinahunan ng lalaki ang ulo niya na kanina pa umuusok dahil na-flat ang gulong ng sasakyan niya. Unang araw ngayon ng training ng apo ni Mrs. Kwan at sobrang late na siya.

“Ma’am, siya po si...”

“You must be Miss Chinta Alexa Larson. How are you doin’?” Malapad ang ngiting tumayo ito para iabot ang kamay sa kanya.

“Would you care to introduce yourself first, Mister?” Tiningnan niya lang ang lalaki.

“Just somebody who wants to meet you.” Nakakaloko ang ngiti na ipinamulsa nito ang kamay. Ni hindi ito kakikitaan ng pagkapahiya sa hindi niya pakikipagkamay rito.

“If you don’t want to give me your name, you may leave my office now. Hindi ito tulugan. Belinda, show him out.”

“Eh, Ma’am, that’s...”

“May point siya, Bee. Hindi ito ang tamang lugar para matulog. But it felt nice seeing your lovely face when I woke up, Miss Larson. I might get used to that. Even with the frown and all.” He was grinning from ear to ear now and that’s all she needed to get totally pissed off.

“Aba’t...!” Humarap siya sa kanyang sekretarya. “Get him out of my office, Bee. Ngayon din. I’ll be at Mrs. Kwan’s office at pagbalik ko, mag-uusap tayo.” She gave the two a warning look and then headed out.

“Ma’am, siya po si...”

“Hayaan mo na siya, Bee. It’s gonna be okay,” pilyo ang ngiting pigil nito sa katabi.

2

“Good morning, Ma’am.” Pumasok siya sa opisina ng matanda matapos ikalma ang sarili.

“Chin! Have you met my grandson already?” may ngiti sa mga labing salubong nito sa kanya.

“Not yet, Ma’am. Kakarating ko lang po ng office. Sorry po ulit.”

Kumunot ang noo nito. “That’s odd. Sinabi ko sa kanyang doon ka na hintayin sa opisina mo. Where did he go?”

“In here, Mamu.” Napakunot-noo ang dalaga pagkarinig sa pamilyar na boses na iyon. Upang makasiguro ay nilingon niya ito at nakangangang mabilis niyang ibinalik ang pansin sa matanda.

“Jovik, where have you been? Wala ka daw sa office ni Chin nang dumating siya?”

“Ma’am, I’m sorry but...” Sinubukan niyang bawiin ang sinabi sa amo.

“I went to Uncle Rey’s office. Akala ko nand’on na siya kaso wala pa. Doon na lang ako naghintay.” Lumigid ito papunta sa tabi ng abuela at umakbay

rito. Ayaw niyang masalubong ang nanunuksong titig nito, kaya pinilit niyang ituon sa matanda ang mga mata.

“Okay. Are you ready for your training? By the way, this is Chin Larson. Siya ang in-charge sa buong training mo, Apo.” She could see fondness in the eyes of the president.

“Hi, Miss Larson! I’m Jovik.” Iniabot nito ang kamay na sa pagkakataong iyon ay tinanggap niya. Sa paglapat ng mga kamay nila ay ramdam niya ang matinding pamumula ng mukha.

“Good morning,” matipid na bati niya sa lalaki at tumuwid ng tayo upang bawiin ang kamay.

“Shall we start? I’m suddenly excited with the training.” Hindi niya alam kung mahihiya o maiinis dahil hindi man lang nito itinago ang panunukso sa tinig. Napatingin siya sa matanda at nagpasalamat na hindi niya nakitaan ng senyales na napuna nito ang nangyayari.

“Yeah. Ma’am, isasama ko na po siya para makapag-training na siya,” paalam na niya sa matanda.

“Okay. But don’t be hard on him yet. Dumerecho pa siya dito mula sa airport galing sa States. Kaninang

madaling-araw siya dumating ng Manila, kaya pagod at puyat pa ang apo kong 'yan. Just show him around for now then you start with the real thing tomorrow.”

“Yes, Ma’am.” Tinanguan niya ang matanda at nagpatiuna nang lumabas ng opisina nito.

“Do you want me to apologize for what happened earlier? Sir?” tanong niya rito pagkalagpas nila sa desk ni Vina.

“If I say yes, will you?” may amusement sa tinig na sagot nito.

“No.” Patuloy na naglakad si Chinta kahit naiinis dahil sa kaaliwan nito sa discomfort niya.

“I thought so. I know it’s not in your character.”

“What’s not in my character?” Nilingon niya ang lalaki nang bahagya.

“You don’t say sorry for something if the fault isn’t yours. Kaya di kayo magkasundo ni Uncle at kaya gusto ka ni Mamu. Kaya din amused sa 'yo si Mama.”

Nabigla man sa sinabi nito ay natabunan iyon ng pagtataka. Hindi niya inaasahang alam nito ang mga bagay na iyon.

“Hmm... okay. Let’s not go into that.” Nagpatiuna siyang pumasok sa departamentong hawak niya. Nakahiwalay iyon sa sarili niyang opisina, pero hindi na siya nagulat nang makitang nasa loob ang kanyang sekretarya.

“Okay, Bee. Go back to your post now. But remember, you already know we’re going to talk later. Big time,” mariin ang tinging sita niya kay Belinda.

“Yes, Ma’am. Ngayon pa lang, I want to apologize,” nakangiwing sagot nito habang hindi makatingin sa kanya. “Good morning ulit, Sir.” Nagmamadaling nagpasintabi na ito.

“Don’t pick on her. It was my fault,” pabulong na agaw ng lalaki sa pansin niya.

“Sir, first thing to remember, you let the department heads deal with their people. In that case, you show everybody two important things. First, that you trust your department heads know what they’re doing and second, you show your employees a firm and solid leadership. If you have any contentions to that, Sir, I’ll be glad to discuss it to you later.” Businesslike ang kanyang tinig nang sumagot dito.

“Okay.” Tila may buntot ang letrang ‘o’ nang sabihin nito ang katagang iyon. Napasipol pa si

Jovik na ikinatawa ng ilan sa silid. Patay-malisyang bumaling siya sa mga tauhan.

“Sir, this is the Integrated Affairs Division or, simply, IAD. It’s composed of the admin, legal and the human resources and development departments. Guys, I’d like you to meet Mr. Joseph Viktor Kwan.” Isa-isang bumati at nagpakilala ang mga tao niya rito. “Mr. Kwan will be undergoing a series of trainings and he’ll be working first with our admin team. The actual training will start tomorrow and I’ll be expecting everyone to work together to provide Mr. Kwan the training and knowledge he needs when it comes to our work. Are we clear on that?”

“Yes, Ma’am.” Napabungisngis ang mga tao niya nang pati ang katabi ay sumabay sa mga ito sa pagsang-ayon at pagtawag ng ‘Ma’am’ sa kanya. Binigyan niya ang mga ito ng warning look at nagseryoso naman kaagad ang lahat.

“Back to work, guys. Sir, this way please.” Di lumilingong tinungo niya ang pinto palabas ng IAD.

“I want to see what you are like outside the office.”

“What do you mean by that, Sir?” Napalington

siya sa binata. Dama niya kanina pang pinag-aaralan nito ang galaw niya simula nang iwan niya ito para magbasa ng administrative memo. Naglalagi ito sa opisina niya kung saan may access sa mga files ng lahat ng departamento.

“At the age of twenty-six, you act and talk like a very uptight professional. I just hope you’re not like that when you’re not working.” Hindi man lang nito tinanggal sa prenteng pagkapangalumbaba ang kamay. Naiinis siya dahil siya ang naiilang sa sitwasyon nila imbis na ito dahil bilang trainer, dapat siya ang may kontrol sa sitwasyon kahit pa sabihing amo niya ito.

“Well, Sir, I don’t think the answer to that will interest you once you learned about it so let’s go back to work.” Ibinalik niya ang pansin sa kontratang pinag-aaralan.

“Why? You mean to say you’re like that in and out of work?”

“Not exactly, Sir. It’s because I work most of my waking hours. When I’m not working, I’m just asleep.” She flashed him a fake smile.

“I’ll just have to wait for your sleeping hours then.” Sumandal ito sa inuupuang couch at iisipin

Office Romance - Annabelle Briones

na sana niyang magbabasa na ulit ito kung hindi niya lang nakuha ang gusto nitong sabihin. Hindi ito babalik sa ginagawa, bagkus, hihintayin nitong makatulong siya roon.

“Hindi ho ako natutulog sa trabaho, Mr. Kwan. Are you done reading those documents? Because if you are, we’ll be moving onto the next item in your itinerary.”

“This is boring...” Inihagis nito ang hawak na folder ng mga memorandum at walang anu-anong ipinatong ang mga paa sa mesa at ipinikit ang mga mata.

“I know. But no matter how boring these things are to you, please keep in mind that they are the main elements that keep the company in order. In other words, as the future big boss, you need to learn them.” Lumapit dito si Chinta at hinila ang folder mula sa ilalim ng mga paa nito. Nang hindi pa rin tumitinag sa pagkakahiga ay ibinagsak niya iyon sa dibdib nito at bumalik sa puwesto.

Natatawang umayos ito ng upo at nangalumbaba ulit sa kanya. “I’m wondering what you are like as a girlfriend.”

“With all due respect, Sir, I really hope you’ll stop

wondering about things concerning me and just focus on your training. You'll have an evaluative test the day after tomorrow and I don't want to disappoint the president." Napahinga siya nang malalim upang kalmahin ang sarili.

"Okay. But let's have a deal. If I aced the test, you'll spend the weekend with me. Anyway and anywhere you like." He smugly smiled at her which showed off a perfect set of teeth.

"You're out of your mind. No, Sir."

"Uy... naniniwala siyang kayang-kaya ko ang test. Admit it, you think I'm smart." Si Jovik naman ang lumapit sa puwesto niya at itinukod ang mga kamay sa mesa.

"P'wede po bang bumalik na tayo sa trabaho?" nakataas ang kilay na baling niya rito.

"Ayaw mo? What about the entire team goes on an outing over the weekend? Hindi lang tayong dalawa. So you won't have to worry having a hard time controlling the urge to devour extra yummy me." Pikong tumayo siya upang iwan ito. Natatawang hinila nito ang isang braso niya para pigilan siya. "Nagbibiro lang. Outing ng department 'to. I heard that the last time your team went out was like eons

ago pa. Sagot ko ang lahat ng gastos. Please, please...”

Pagkaraan ng ilang sandaling pag-iisip ay binalingan niya ito. “Papayag lang ako kung hati tayo sa gastos.” Awtomatikong nagliwanag ang mukha nito. Mabilis itong lumabas ng opisina. Nagtataakang sumunod siya sa lalaki at naabutan ito sa bungad ng opisina ng mga tauhan niya.

“Guys, gusto n’yong mag-outing this weekend? Let’s say sa Palawan. All expenses paid.”

“Opo!” sagot ng mga ito. Naiiling na hinintay niya ang sunod na sasabihin nito.

“Then help me ace my test on Wednesday.”

“Chicken feed! Guys, meeting tayo. Gawa tayong game plan for Boss Jovik’s test,” narinig niyang sabi ng boses ni Jonathan, ang supervisor nila sa administrative department.

“Dude, that’s our test. Our test!” singit ni Orville, junior supervisor ng legal department.

“Oo nga pala, our test. Come on!”

Lumingon si Jovik sa dalaga at huli na para bawiin niya ang ngiti sa kanyang mga labi. Ngumingising kumindat ito sa kanya. Umiiling na tinalikuran na lang niya ito.

3

“Two mistakes.” Laglag ang mga balikat ni Jovik nang makasalubong ito ni Chinta sa hallway papuntang executive conference room.

“So I’ve heard.” Kipkip ang mga brasong huminto siya pagkatapat dito.

“You won.” Gusto niyang matawa sa hitsura nito dahil talo pa nito ang isang batang naagawan ng laruan na hindi maitago ang panghahaba ng nguso.

“No, Sir. I’ve just made my point.”

“Okay.” Nagpatuloy na ito sa paglalakad, nakalabi pa rin.

“Can I ride with you to the airport Friday night? Coding ako, eh.” Huli na bago pa niya napigilan ang sariling isatinig ang nasa isip. Hindi lumilingong hinintay niya ang sagot nito.

“Ano’ng...?”

“You promised my staff a trip to Palawan, remember?” Ayaw man niyang humarap dito upang itago ang ngiti niya, hindi naman niya napigilang lumingon para makita ang reaksyon nito.

“But I did not ace the test,” anitong nakakunot-noo.

“I only asked for you to pass the evaluative test. Ikaw lang ang nagbanggit ng ace. Mayabang ka kasi.” She grinned at him more when she said that.

“Oh! Right.” Unti-unting nagliwanag ang mukha nito at hindi siya sigurado kung ikatutuwa ba niya ang galak na kusa niyang naramdaman bilang reaksyon doon.

“Nga pala, tawag ka ng lola mo, Sir. 'Bye.” Nagmamadaling tinalikuran na niya ito.

“Marco, this is Mr. Joseph Viktor Kwan. He just finished the training under admin and will be moving next to HRD. I want him to be familiarized with the policies here and the plant’s whole operation also. Will you tour him around?” Sinalubong sila ng junior plant manager.

“That would be my pleasure. Nice meeting you, Sir.” Nakipagkamay ito kay Jovik.

“Same here, Pare. And call me ‘Jovik’.”

“Great. I’ll leave you two now.”

“Wait. Aren’t you going with us?” may pagtutol na pahabol ni Marco.

“No need, Marc. I know you’ll take care of Mr. Kwan.”

“Come on, Chin. Minsan ka lang mapunta dito. Ikutin mo naman ang teritoryo ko.” May pagsusumamo sa tono nito at gusto niya itong sitahin, ngunit pinigilan niya ang sarili dahil kaharap nila si Jovik.

“He’s right. You should come. You’re supposed to be overseeing my training, anyway.” Matamang nakatingin sa kanya si Jovik na ikinailang niya. Ibinaling niya ang tingin kay Marco.

“All right, pero susunod na lang ako. Kakausapin ko lang muna ang chief of security.”

Napatawa ang junior plant manager. “That’s her. Hindi ipinagpapaliban ang mga importanteng bagay, kaya sulit na sulit bawat sentimong ibinabayad sa kanya ng kompanya.”

Nakita ni Jovik ang kakaibang kislap sa mga mata ng kaharap nang sabihin iyon. Tahimik lang na sumunod siya rito.

“Hi! How’s the tour going?” Sinalubong ni Chin ang dalawang lalaki sa bungad ng isa pang warehouse.

“Good. Mas na-appreciate ko na ngayon ang buong proseso ng paggawa ng sigarilyo.” Nagtataka siya sa kaseryosohan ni Jovik. Gayunpaman, umagapay na siya sa mga ito.

“Well, Sir, did I not tell you that Marco is a good tour guide?” Sumaludo pa siya sa lalaki.

“At least, pagdating sa trabaho, nai-impress kita,” malungkot ang ngiting tugon ni Marco. Nakita niya ang pagtaas ng kilay ng katabi nito na pinagkrus pa ang mga kamay sa dibdib.

“Let’s continue?” Disimuladong nagpatiuna na lang siya sa pagpasok ng warehouse.

“So... si Junior Plant Manager ay may thing sa Chinta ko?” Mabilis siyang napalingon sa likuran at nakita niyang sila na lang dalawa ni Jovik ang nasa pasilyo.

“Where is Marco?”

“Outside. May kausap. Missing him already?”

“Drop it, Sir.”

“May pag-asa ba siya?” Nakahalukip na sumandal ito sa pader at tumingin sa kanya.

“Tingin n’yo, Sir?” Ibinaling niya ang pansin sa kabilang panig upang iiwas ang tingin.

“Wala.”

“You seem so sure.” Taas-kilay na nilingon niya ito at nakita niya ang pilyong ngiti nito.

“I am. A hundred percent.”

“Whatever you say,” pakikiayon na lang niya nang makita si Marco na palapit sa kanila.

“Guys, I’m sorry, I got held up. Let’s go.” Inalalayan siya nito paakyat sa elevated ramp. “Okay, Sir, we have over there the first layer wrapping. At the farther side is the overwrapping section. Pagkabuo ng cigarette stick, derecho na siya sa packing area. The packing stage for the native cigarettes, by the way, is Chin’s favorite part.” Naramdaman niya ang pag-akbay ni Marco habang naghihintay ng tugon niya.

“Why?” naiintrigang tanong ni Jovik, naiinis man sa closeness ng dalawa.

“Bakit nga, Sweetheart?” Kita ang fondness sa mukha ni Marco nang balingan siya.

“Nakakabilib ang mga kahista sa manual packing. Their hands are very fast and precise. Together, they share this certain rhythm.”

Sinundan ng binatang Kwan ang tingin ng dalaga na nakatuon sa isang hilera ng mga may-edad na babae na parang nagpapabilisan sa ginagawa. Base sa bilis ng mga kamay ng mga ito ay mapupuno ang mga kahon sa gilid sa loob lamang ng sampung minuto.

“You can do that given enough practice,” turan ni Marco na nakadikit pa din kay Chin.

“I don’t think so. ’Tsaka nakakangalay ’yan, ’no!” nakalabing sagot ng babae.

“Kaya mo ’yan, ikaw pa. Halos lahat yata, pag kina-career mo, kaya na,” palatak pa nito.

“Bola...” Paismid na humarap si Chin sa lalaki.

“No, I’m stating a fact,” natatawang sagot nito.

Tumikhim si Jovik at nang magawi rito ang tingin ni Chin ay bahagya siyang nagseryoso. Mula sa ibaba ng panel ay may isang empleyadong tumawag kay Marco. Nagpasintabi ang lalaki.

“You lied.” Naglakad ito palapit sa babae na nakatingin na ulit sa mga kahista.

“Huh? About what?” Nilingon ni Chin ang binata at napangiti ito nang umisod siya patabi sa sulok.

“About you loosening up only when you’re asleep, when in fact, it only takes Marco for you to loosen up.”

“I’m sorry. Marco and I are...” namumulang paliwanag niya ngunit pinutol nito iyon.

“I don’t want to see you flirting with him again,” he said looking at her intently.

“What was that, Sir?” may pagtataka sa mukha na usisa niya.

“You heard me.”

“I was *not* flirting with him,” nakatiim-bagang na pasubali niya.

“You were. But if you want me to put it in another way, okay. I don’t want to see you act so familiar with him again. I’d like you to refrain from seeing him,” mariing turan nito.

“I don’t think you meant what you just said, Sir.” Nakita nito ang unti-unting pagsilay ng inis sa mukha ng dalaga kasabay ng paglaki ng kanyang mga mata. At naaliw itong pagmasdan ang reaksiyon niyang iyon.

“I certainly do.”

“You don’t. First of all, Marco is my co-employee and we need to work together. Second, he is my friend and I normally see and talk to my friends. Third, excuse me, Sir, but I’d like to know where this is coming from.” Nakapamaywang na humarap siya sa kausap.

“Let me answer your third question first. It’s because, soon, you will be my girlfriend. And in relation to that, as your boyfriend, I have a say on who among your friends you may see and talk to. About work, I can do something about that to stop you from working with him.”

Napanganga si Chin sa narinig. Kahit si Jovik ay nagulat din sa mga sinasabi. Noon niya nakumpirma na ang curiosity na unang mayroon siya patungkol sa dalaga ay nauwi na sa atraksyon sa loob lamang ng maikling panahong kasama niya ito. Kasalanan ito ng lola niya na panay ang kuwento ng tungkol sa babae. Ngayon ay umiiral na ang possessiveness niya rito.

“That’s ridiculous, Mr. Kwan. As far as I can understand, I have the last say on the matter. And the last time I checked, I have no wish of making you my boyfriend.”

He grinned at her which all the more confused Chin. “Is that so?” He moved closer to her and her reaction confirmed his effect on her.

“Yes, really.” She tried to sound firm but he could now see through her.

“When did you last check?” Still smugly smiling, he inched closer to her.

“What do you mean?” Umatras ito hanggang sa sumayad ang likod nito sa railing.

“You just admitted that you’ve already thought of making me your boyfriend. When?”

“Mr. Kwan, it’s just a figure of speech which means that...” Nakita niya ang paglikot ng mga mata nito, malamang sa paghahanap ng makikilusan. Ayaw man niya itong maalarma ay nangibabaw ang kagustuhan niyang makumpirma kung ano ang damdamin nito para sa kanya.

“I know what it means and I’m entertaining the other implication, Miss Larson. Now, would you like me to make my point and help you reevaluate the whole thing?”

“Mr. Kwan, please stop moving forward. You’re confusing me.”

“Calling me ‘Mr. Kwan’ will not stop me from what I am about to do. And I know you know what’s gonna happen next.” Itinukod niya ang kamay sa railing nang tangkain nitong umiwas.

“Stop, please. Why are you doing this?”

“Need I really explain, Chinta ko?”

“Yes. I mean, no. What? Oh shit...” Pilyo ang ngiting ginalugad ng mga mata niya ang mukha nito na nakangiwi na dahil sa pagkalito. Ngali-ngaling halikan niya ang mga labi nito.

Natawa siya. “You’re so cute you’re just making me want to kiss you more.”

“Oh, God, please don’t! Pag g-ginawa mo ’yan, makikita ng lahat ng tao sa ibaba, k-kakalat sa buong planta at makakarating sa pamilya mo.”

“And so? My family’s reaction to my kissing you is nothing compared to the fact that Marco will stop going after you the moment he learned about us.” He smiled and leaned forward.

“Damn it! Don’t you dare! There’s nothing going on between us.” Nailapat nito ang mga kamay sa dibdib niya upang pigilan siya sa tangkang paghalik dito, ngunit lalo lang nag-ibayo ang kagustuhan

niyang halikan ito nang maramdaman ang init na nagmumula sa mga palad nitong nakadikit sa dibdib niya.

“Sir? Chin?” Narinig niya ang boses ni Marco kasabay ng papalapit nitong mga yabag. Sa kanyang pagkalingat at sa gulat ng dalaga, nakuha siyang maitulak nito palayo.

“Here comes the pain in the ass.” Nakatiimbagang na napasandal na lang si Jovik sa railing katabi ng babae na nagsusumikap na maibalik sa normal ang paghinga. Napigil man ang balak niyang gawin, masaya na siyang malamang apektado sa kanya si Chin.

“Maggy, lumayo ka d’yan! Nagmumukha kang nanay nina Bee!” mula sa tubig ay sigaw ni Jonathan na kanina pa ayaw tantanan ang isang kasamahan sa pang-aasar.

“Buti ako nanay, pero ikaw? Mukha kang aso! Kanina ka pa naglalaway!” pikon na ganti ni Maggy. Kanina pa sila tawa nang tawa sa kanyawan ng dalawa.

“It’s nice to hear you laugh again.” Nalingunan ni Chinta si Jovik sa kanyang tabi, hawak sa isang

kamay ang isang bote ng beer.

“Sir.” Pagkatapos itong tanguan ay ibinalik niya ang paningin sa mga kasamang naliligo.

“Good.” He followed her gaze after deliberately looking at her for sometime.

“What?” kunot-noong baling niya ulit dito.

“It’s good you stayed where you are. I was expecting you’d run.” Nakita niya ang pagtiim ng mga bagang nito at sinalubong ang titig niya. “Why are you avoiding me?”

Magmula nang mangyari ang engkuwentro nilang dalawa sa planta ay sinubukan na niyang iwasan ang lalaki at alam niyang nararamdaman nito iyon maging ng mga tauhan niya. Hindi lang siya maka-back out sa outing dahil pumayag na siyang sumama.

“I am not.” Ibinalik niya ang tingin sa gawi ng dagat.

“Okay.” Naramdaman niya ang paghawak nito sa kamay niya.

“Sir, I’d appreciate it if you let go of my hand now.” Sinubukan niyang hilahin ang kamay, ngunit lalo lang humigpit ang hawak nito. Hinila siya nito

paupo sa buhanginan. “Sir, do I really have to tell you that I’m not comfortable with you near me? Most especially when you get intimate with me just like now.”

“Intimate? This is already intimate for you? I will show you what intimate means to me.”

Namilog ang mga mata niya nang hatakin siya nito at halikan. Ang pagtutol niya ay napalitan ng ungol nang marahang kagatin nito ang kanyang pang-ibabang labi. Napahugot siya ng hininga nang lumayo ang bibig nito.

Kaagad siyang nagsisi sa ginawa dahil nakakita lang ito ng pagkakataon na palalimin ang halik na iyon na hindi niya maiwasan dahil sa higpit ng pagkakahawak nito sa batok niya. Walang ibang magawa, pumikit na lang siya at hinayaan ang sariling malunod sa halik nito. Ayaw man niyang aminin, nakakalunod talaga itong humalik.

“See, you can get comfortable with me this way, me being intimate with you.” Nakita niya ang pilyong ngiti sa mga labi nito nang imulat niya ang mga mata.

“You don’t have to do this, okay? I’ve already made up my mind. I’m leaving the company.” She gasped when his lips moved sideways and nibbled

on her left earlobe.

“Okay.” He continued raining kisses on her throat. She croaked when she felt his tongue draw circles just beneath her ear. Her mind was telling her to resist him, but her body seemed paralyzed. Kahit paghinga ay nahihirapan siyang gawin sa mga oras na iyon.

“Sir, seducing me won’t change my mind. Your grandmother isn’t playing fair.”

“Goodness! I don’t know what’s between you and Mamu and I don’t care about you leaving the company, okay? Yes, you’re important to the company, but I don’t care. You know I like you and I *want* you to be my girl. And you will be whether you say yes or no.”

“You cannot force yourself on me.” Nagawa niya itong itulak nang bahagya itong lumayo sa kanya. Sinamantala niya ang pagkakataon at mabilis siyang tumayo.

“Who said I’m gonna force myself to you? I know you like me already. You just have to admit it. Or admit it at least to yourself, you coward.” Tumayo na rin ito.

Nakita ni Chin sa gilid ng mga mata na nakatanga

sa kanilang dalawa ang mga tauhan niya at ang iba pang mga taong naroroon. Sa panggigigil kay Jovik dahil sa paglalagay sa kanya sa kasalukuyang sitwasyon ay tiim-bagang na kinuha niya ang sarong at tinalikuran ito.

“Where are you going?” pahabol na tanong nito. “We’re not yet through. Admit your feelings for me, Sweetie.”

“Get lost!” Galit at nagmamadaling tinahak niya ang daan papunta sa mga cottages.

“Ano’ng problema ng boss n’yo? Galit pa rin?” Inginuso ng binata si Chin na nakatutok ang pansin sa apoy na pinapaikutan ng grupo nila. Kanina pa ito hindi nagsasalita, inom lang nang inom ng beer. Kahit si Bee ay hindi pinapansin kahit anong pangungulit ang gawin nito.

Pagkatapos ng encounter nila sa buhanginan kanina ay hindi na niya ito nakita. Pinuntahan niya ito sa cottage upang makipagbati, pero hindi siya pinagbuksan ng pinto. Ang mga tauhan naman nito ay ayaw makialam. Boss nila ang babae at ayaw niya ring idamay ang mga iyon pag tuluyang nagalit ito. Lumayo na lang siya rito nang pumayag itong

sumama sa bonfire.

“Pilitin n’yo ba namang mag-PDA sa harap namin. Nasa ’Pinas kasi kayo, hindi sa States,” ani Maggy.

“Kasalanan niya, hinamon niya ang pagkalalaki ko. Pigilan n’yo na, napaparami na ang inom niya.”

Kamot ang ulong lumapit sa kanila si Bee. “Sir, patigilin n’yo na si Ma’am. Panay ang inom niya, eh.”

“Bakit ako? Galit siya sa akin, baka basagin sa ulo ko ang bote.”

“Pabayaan mo si Ma’am. Sanay naman siyang uminom, eh,” pakikisali ni Jonathan sa usapan.

“Sanay nga pero hindi pa siya kumakain. Ngayon ko lang siya nakitang magalit nang ganyan.” Bakas ang pag-aalala sa mukha na tumingin si Belinda sa kanya.

“Huwag mo akong tingnan nang ganyan. Tinulungan ko lang siyang ma-realize ang nararamdaman niya. Pakipot kasi.”

“Narinig ko ’yon.” Lahat sila ay sabay na napaligon kay Chin na sa apoy pa rin nakatingin. Narinig ni Jovik ang bungisngis ni Jonathan na kaagad na sinaway ng tingin ni Bee.

“Totoo naman, ah. Admit it. Kaya ka nagpapakalasing dahil hindi mo na mapigilan ang nararamdaman mo para sa akin. At natatakot ka dahil bago sa 'yo 'yon, di ba?”

“Shut up, Jerk!” Matalim ang tinging ibinaling nito sa kanya.

“Yeah, I am a certified jerk. But you *like* this particular jerk, Chinta ko.”

“I don't and stop calling me that!”

“Sige, sabihin mong hindi mo ako gusto at ikukulong kita sa kuwarto mo. Hindi na tayo lalabas.” Naitikom ng dalaga nang mariin ang mga labi sa pagpipigil magsalita kaya napangiti siya.

“Uy... Si Ma'am, like si Sir Jovik,” panunukso ni Jonathan.

“Gusto mong lumipat ng department?” Masama ang tinging ipinukol nito sa lalaki. Seryoso ang mukhang tumayo na ito at nagsimulang maglakad papuntang cottage.

“Sabi na kasi sa 'yong 'wag kang jerk, Sir, eh. Bad 'yon,” malakas na sabi nito para umabot sa pandinig ng among nag-walk out.

“Gusto mong lumipat ng kompanya?” banta ni

Jovik.

“Sabi ko nga, tatahimik na ako. Ang mabuti pa, Sir, sundan mo na si Ma’am. Matutulog na siya. Pero warning lang, marunong siyang mag-judo.” Parang batang kumindat pa ito sa kanya.

“Really? Thank you for the heads-up then.” Tumayo na siya upang sundan si Chin. Narinig pa niya ang cheer ng mga kasama nang mag-umpisa na siyang baybayin ang daan na tinahak ng babae.

“Hindi ka ba marunong kumatok? And who gave you the key?” Nakita ni Jovik ang galit sa mga mata ng dalaga pagkakita nito sa kanya na pumasok sa pinto. Naka-Indian sit ito sa gitna ng kama habang kaharap ang laptop.

“I thought you were sleeping already. Ayaw lang kitang maistorbo.”

“Eh, bakit ka nandito kung tingin mo ay natutulog pala ang tao?” Ibinalik nito ang tingin sa monitor ng notebook nito.

“I just wanna check on you. What are you doing?” Pinigilan niya ang pagsasara nito ng gadget.

“Leave me alone.” Tinabig nito ang kamay niya,

ngunit nakita na niya ang ginagawa nito.

“Damn it, Chin! May dala kang trabaho?” Hindi siya makapaniwala na sa kabila ng pag-unwind nila ay pinili nitong magtrabaho pa rin.

“Please get out.” Mariin itong napapikit at alam niyang nag-iinit na naman ang ulo nito.

“I won’t let you work your ass off like that. Rest!” Naiinis na kinuha niya ang laptop dito.

“I said get out!” Tiim-bagang na itinulak siya nito, but he stood his ground.

“Aalis lang ako pag tulog ka na.”

“Ayaw mong lumabas? Sige, solohin mo na lang ’tong kuwarto ko.” Nagmamadali itong tumayo at tinungo ang pinto.

“You will regret it if you take one more step, Sweetie.” Saglit itong natigilan.

“Asshole!” Masama ang tinging ipinagpatuloy nito ang paglalakad, kaya wala siyang nagawa kundi ang pigilin ito sa braso. Inaasahan na niya ang counter na gagawin nito, kaya kaagad niya itong naimaniobra pagkatapos ay marahang nai-pin down sa lapag.

“Yes, Baby. I know judo too.” Nakangising

sinalubong niya ang namimilog nitong mga mata. *God, what would those beautiful eyes look like when I make love to her? Just the thought of it makes me so f*cking hard.*

“Get off me.” Feeling his manhood grew hard against her tummy, her eyes went wide out of panic.

“No. I love the feeling of you *under me.*” Despite himself, he continued to tease her, stressing his last two words. Ramdam niya ang pagbilis ng paghinga at pag-iinit ng balat nito.

“Isa.” He laughed out of amusement. Nakuha pa nitong lakipan ng banta ang boses sa kabila ng kaalamang wala itong laban anuman ang gustuhin niyang mangyari sa sandaling iyon.

“Promise ka muna.” Ayaw man niyang lalo itong maalarma ay hindi niya napigilan ang sariling haplusin ang mga labi nito. Bumalik sa isip niya ang eksena nila sa buhanginan kanina.

“P’wede ba, Sir?” Sabay ng pagbuntong-hininga ay pumikit ito.

“Sir?” Habol-hiningang hinalikan niya ang mga mata nitong mariing nakapikit.

Alam ni Jovik na pareho nilang sinisikap na

huwag matangay. Marami itong dahilan para roon at isa na ang lola niya. Ang sarili niya ang hindi niya maintindihan. Hindi niya ugaling tikisin ang sarili, pero heto siya at walang magawa kundi makontento na lang sa pagnakaw ng halik dito.

“Jovik, please let me go,” paos ang tinig na sabi nito.

“Oh! You do remember my name. That’s my girl.” He just kept on raining kisses on her face and it felt so good to be that close to her. “I will let you go, Chinta ko. Pero promise ka munang pag pinakawalan kita, matutulog ka na.”

“Sa tingin mo sa ginagawa mo, aantukin ako?” Hindi napigilan ng binata ang matawa nang marinig niya ang sinabi nito. And he even laughed harder when Chin bit her lower lip; realizing that she had just admitted being affected by his touch and kisses.

“Hindi ka naman pala bato, Chinta ko. Just say yes, Sweetie. I don’t stay long on top of an enticing lady doing nothing but petty foreplay.”

“Okay! I promise to go to sleep. You really are a jerk...” Sa sinabi nito ay pinagbigyan niya ang sariling halikan ito sa labi at humugot ng lakas na manatiling hanggang doon lang iyon.

“Call me ‘jerk’ again and you will be thoroughly kissed wherever we happen to be.” Nakangising pinakawalan niya ang mga kamay nito at inalalayan itong makatayo. “Hmm... Chinta ko who tastes of beer and toothpaste. Tastes good pa din. Come here.” Binuhat niya ito at inilapag sa kama. Walang sabi-sabing umupo siya sa tabi nito.

“Hindi ka pa ba lalabas?” nakasimangot na tanong nito pagkaraan ng ilang minutong nakatitig lang siya sa dalaga.

“Not yet. Gising ka pa.” Nangalumbaba siya rito.

“Nagwi-wheeze ako pag tulog,” angal nito.

“Tulog na. Hindi na kita papayagang matulog pag di ka pa nanahimik.” She rolled her eyes when he said that. She turned her back to him when she saw that he meant what he said.

Dala marahil ng dami ng alcohol na nainom at pagod sa paglangoy ay nakatulog din si Chin. At totoong bahagya itong nagwi-wheeze pag tulog. Napangiti ang binata at kinintalan ng marahang halik ang ulo nito bago niya iniwan.